


# INDEKS

PAG-AARAL AT PAGSUSURI SA MGA PANLIPUNANG ISYU AT KALAGAYAN  
TOMO VI BLG.1

ABRIL 2023

## LANGGIS



# NILALAMAN



Pambungad	3
I. Ang langis bilang mahalagang kasangkapan sa produksyon	5
II. Maikling kasaysayan ng paglitaw ng pandaigdigang monopolyo sa industriya ng langis	11
III. Imperyalistang kontrol sa industriya ng langis	20
IV. Ang industriya ng langis sa Pilipinas	34
V. Ang solusyon sa krisis sa langis at enerhiya	56
Sanggunian	62

# PAMBUNGAD



Inilabas ng KARED-TK ang praymer sa langis na may layuning bigyan ng batayang kaalaman ang mga kasama at masa hinggil sa pandaigdigang industriya ng langis at sa kalagayan ng industriya ng langis sa Pilipinas.

Ang krisis sa langis ay isa sa pinakamatingkad na salaminan ng malalim na krisis ng sistemang kapitalista sa yugto ng imperyalismo. Ang pagkakabuo ng mga supermonopolyo na nagkokontrol sa lahat ng himaymay ng buhay pampulitika at pang-ekonomya ng daigdig ay isa sa mga saligang katangian ng imperyalismo. Ito ang ugat ng pang-aapi at pagsasamantala sa mamamayan sa mga bayang atrasado, kolonya at malakolonya. Sa pagtindi ng krisis higit pa silang nagiging gahaman para magkamal ng supertubo. Higit pang pinatitindi ang krisis sa paglitaw ng Tsina bilang imperyalistang bansa at ngayon ay nangunguna sa larangan ng repineriya ng langis sa Asya. Hinihigitan nito ang US sa usapin ng kontrol sa pamilihan ng langis sa rehiyon at higit pang magpapalala sa krisis sa ekonomiya ng mga mahihirap na bansa habang patuloy na lumulubha ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista.

Ipapakita rin dito ang kalunus-lunos na kalagayan ng bansa sa usapin ng produksyon ng langis na nagreresulta sa krisis sa langis na lalupang

dumadagan sa lugmok na ekonomya at nagbubunga ng sobrang kahirapan ng mamamayan. Ang pag-asa sa importasyon ng langis at kawalan ng sariling produksyon ay naglalagay sa bansa sa masidhing pagsasamantala ng mga monopolyo kapitalistang dayuhan.

Tinalakay din ang kaugnay sa *renewable energy* — mga alternatibong pagkukunan ng enerhiya na mahalagang usapin para tugunan ang lumalakas na panawagan para solusyunan ang lumalalang problema sa *climate change* dahil sa patuloy na paggamit ng *fossils fuel* bilang pangunahing gamit pang-enerhiya sa daigdig ngayon.

Mahalagang masapol na ang pagsusulong ng pambansa demokratikong rebolusyon ang tanging paraan para wakasan ang daang taong pang-aapi at pagsasamantala sa bayan at itayo ang lipunang nagsasarili, malaya, masagana at sustenableng pag-unlad sa pamamagitan ng sama-samang pagkilos, paglahok sa iba't ibang anyo ng pakikibaka at pagtahak sa landas ng armadong rebolusyon.

KARED-TK

Abril 2023

# I. ANG LANGIS BILANG MAHALAGANG KASANGKAPAN SA PRODUKSYON



Ang pagkakadiskubre ng langis (*fossil fuel*) bilang isa sa pangunahing pinagkukunan ng enerhiya ay nagpabago sa takbo ng pang-ekonomyang kasaysayan ng sangkatauhan laluna sa modernong lipunang kapitalista. Itinulak nito ang mabilis na pagsulong ng produksyon at distribusyon ng mga kalakal hanggang sa umabot sa monopolyong yugto ang sistemang kapitalismo. Ang monopolyong kontrol sa industriya ng langis ay naging mapagpasya sa buhay pampolitika at pang-ekonomiya ng mga bansa sa daigdig maging sa relasyon nito sa isa't isa.

Pero bago pa man ang modernong gamit ng langis at mga produkto mula rito, mayroon nang tradisyon ng paggamit ng iba't ibang anyo nito sa mga sinaunang pamayanan tulad ng gamit nito sa paggawa ng kanilang mga kasangkapan sa produksyon kasing-aga noong 4300 BC. Sinasabing ang mga Sumerians<sup>1</sup> ay gamit ito sa paggawa ng bangka at mga sisidlan. Gamit din ang aspalto para sa mga gusali at pader. Gamit din ito bilang

---

<sup>1</sup> Sumerian — mga taong naninirahan sa Sumer, ang pinakaunang sibilisasyon sa rehiyon ng timog Mesopotamia (timog-gitnang Iraq), na lumitaw sa maagang Panahon ng Bronse sa pagitan ng ikaanim at ikalimang mileniyong BCE.

pampailaw, gamot at pampadulas sa mga sasakyan at mga kagamitan sa produksyon.

Sa China ginagamit na ang petrolyo magmula pa noong dalawang libong taong nakalipas. Sila rin ang unang gumamit nito para sa panggatong kasing aga ng 400 BC. Nadiskubre na rin ang pagbubutas sa lupa para makakuha ng langis gamit ang kawayan noon pa mang 347 BC sa China.

Sa Middle East, sinasabing ang mga kalsada sa Baghdad ay ginamitan ng *tar* na galing sa petrolyo na karaniwang nakukuha sa paligid. Kasing-aga ng ika-9 na siglo ay mayroon nang mga minahan ng langis sa lugar. Ang Arab at Persian<sup>2</sup> ay nakalikha ng mga lumiliyab na kasangkapang pandigma mula sa langis.

Sa Southeast Asia, partikular sa Myanmar naidokumento ng mga manlalakbay na British ang masiglang industriya ng langis. Taong 1795 mayroong daan-daang paghuhukay ng balon gamit ang manu-manong paggawa.

Ginamit na rin ang gaas o *kerosene* bago pa man magsimula ang rebolusyong industriyal. Kalaunan, isang negosyanteng taga-New York na si John Austin ang naglakbay sa Austria, nakakita siya ng murang langis at gumawa ng modelo para sa ilaw gamit ang gaas. Magmula noon lumakas ang pangangailangan sa langis na minimina habang tumataas din ang

---

<sup>2</sup> *Persian* — etnikong grupo ng Iran.

halaga ng langis na galing sa balyena dahil sa unti-unting pagkaubos ng nasabing hayop na mapagkukunan ng langis.

Sa maagang yugto ng kapitalismo naganap ang unang rebolusyong industriyal bunsod ng pagkaimbento ng mga modernong kasangkapan sa produksyon noong kalagitnaan ng ika-18 siglo hanggang 1830s. Tampok rito ang pagkaimbento ng mga makinarya sa produksyon at transportasyon at pagkadiskubre ng *coal* bilang panggatong ng *steam engine*. Napabilis ang produksyon ng mga kalakal at lumawak ang pamilihan nito sa iba't ibang bahagi ng mundo gamit ang mga tren at sasakyang pandagat na pinapatakbo ng *steam engine*.

Sa panahon ng ikalawang rebolusyong industriyal noong kalagitnaan ng ika-19 siglo pinalitan ng langis ang *coal* nang maimbento ang *internal-combustion engine* at *automobile*. Naperpekto ni Henry Ford ang paggawa ng *internal combustion engine* at *automobile* at pinalawak niya ang produksyon nito noong unang bahagi ng ika-20 siglo. Huling bahagi ng ika-19 siglo pumasok na ang kapitalismo sa monopolyong yugto o imperyalismo na pinangunahan ng US at ng mga bansa sa Western Europe.

Namimina ang langis sa pamamagitan ng pagbubutas sa lupa (*oil drilling*) matapos ang masusing pag-aaral sa istruktura ng ilalim ng lupa gamit ang modernong kasangkapan. Ang industriya ng langis ay kinapapalooban ng pandaigdaigang proseso sa eksplorasyon, ekstraksyon, pagrepina, transportasyon (sa pamamagitan ng *oil tankers* at *pipelines*) at ang pagbebenta ng mga produktong langis. Ang pinakamalaking produkto nito ay ang *fuel oil* at gasolina (*petrol*). Ang *petroleum* ay hilaw

na materyales din sa maraming produktong kemikal tulad ng gamot (*pharmaceuticals*), *solvents*, abono, pestisidyo, *synthetic fragrances* o pabango at *plastic*.

Ang industriya ng langis ay nahahati sa tatlong komponente: *upstream*, *midstream* at *downstream*. Ang *upstream* ay pumapatungkol sa eksplorasyon at ekstraksyon ng krudong langis; ang *midstream* ay kinapapalooban ng transportasyon at pag-iimbak ng langis; at ang *downstream* ay tumutukoy sa pagrerepina ng krudong langis para lumikha ng iba't ibang produktong nabanggit sa itaas.

Sa kasalukuyang antas ng pandaigdigang kapitalistang produksyon, nananatili ang langis na numero-unong pinagmumulan ng enerhiya mula sa pinakamababang 32% sa Europe at Asia hanggang sa pinakamataas na 53% para sa Middle East.

Ginagamit ang petrolyo sa pagmamanupaktura ng maraming produktong mahalaga sa buhay ng tao. Tinatayang kumukonsumo ang buong mundo ng 100 milyong bariles (16 *million cubic meters*) kada araw o 36 bilyong bariles kada taon. Ang mga industriyalisadong bansa ang may pinakamaraming nakokonsumong langis. Pinangungunahan ito ng US na gumagamit ng 20% mula sa tayang nakokonsumo ng buong mundo kada araw.

Sa kasalukuyan, 90% ng mga sasakyan sa daigdig ay pinatatakbo ng langis. Ang petrolyo bilang madaling gamitin at magaanang klase ng pinagmumulan ng enerhiya at batayang sangkap ng mga kemikal pang-industriya ang nagtatangi rito bilang mahalagang kalakal. Dahil dito, dambuhalang salapi ang kinikita ng



# BAHAGI NG PANDAIGDIGANG RESERBANG LANGGIS

## SA BAWAT BANSA


Sa buong mundo, nananatili ang langis bilang isang pangunahing komponente ng enerhiya. Syempre, hindi pantay ang distribusyon ng rekursong ito sa pagitan ng mga bansa.

Sa ganito nakakalat ang reserbang langis sa pagitan ng mga bansa:

- MGA BANSA SA ILALIM NG OPEC
- MGA BANSA LABAS SA OPEC



Sa pagitan ng 2005 at 2015, tumalon ang Venezuela mula ikalima sa buong mundo tungong nangunguna sa halos 200 bilyong bariles ng reserbang langis na natukoy dito.




Noong 2002, lumaki ang napatunayang reserbang langis ng Canada mula 5 bilyon tungong 180 bilyong bariles ayon sa bagong mga pagtaya ng Oil Sands reserves.

Source: BP Statistical Review of World Energy 2020


**93.5%**  
ng natukoy na reserbang langis ay natagpuan sa nangungunang 14 na bansang ito.

mga monopoloyo kapitalista sa langis. Liban pa, paraan din ito para kontrolin ang buhay pampolitika at pang-ekonomiya ng mga bansang umaasa sa pag-aangkat ng produktong petrolyo laluna ang mga kolonya at malakolonyang bansa. Katambal ng pagtaas ng presyo ng mga bilihin at serbisyo kapag tumataas ang presyo ng langis.

## PANDAIGDIGANG RESERBANG LANGIS



Mapa ng mga bansang may reserba ng langis ayon sa US EIA (simula 2017)




Mapa ng pandaigdigang reserbang langis ayon sa OPEC, Enero 2014

# II. MAIKLING KASAYSAYAN NG PAGLITAW NG PANDAIGDIGANG MONOPOLYO SA INDUSTRIYA NG LANGIS



Sa US nagsimula ang modernong industriya ng langis sa ikalawang hati ng ika-19 na siglo. Noong 1854 itinayo ang pinakaunang modernong *oil wells*. Si William Smith na isang tagapagmina ng asin ay nakatuklas ng langis na may lalim na 69 pye. Ito ang unang pagkakataon na makakuha ng langis sa pamamagitan ng modernong paraan ng paggamit niya ng *steam engine*. Ang pinakaunang repineriya ng langis ay naitayo noong 1856.




Ang pinakaunang kumpanya ng langis na naitayo sa Titusville, Pennsylvania ay ang Pennsylvania Rock Oil Company sa Connecticut (ngayon ay Seneca Oil). Mula noon ay naging tanyag ang Titusville at mga kalapit na bayan

nito. Nagkainteres si John D. Rockefeller, isang kapitalista sa nadiskubrang mina ng langis sa lugar. Mula noon si Rockefeller na ang nanguna sa mga negosyanteng namuhunan sa langis sa US. Binuo nang magkakapatid na Rockefeller ang Standard Oil Company.


Bandang huli, nagtayo si Samuel Van Syckel ng apat na milyang tubo para sa langis, mula sa Pithole, Pennsylvania patungo sa pinakamalapit na kalsada. Nang makita ito ni Rockefeller, sinimulan din niya ang pagtatayo ng mga tubo ng langis para sa kumpanya ng Standard Oil. Kalaunan, mayorya ng mga linya ng langis ay naging pag-aari nito. Ang Cleveland ang naging sentro ng industriya ng pagrerepina ng langis pangunahin dahil sa mahusay na sistema nito sa transportasyon.

Para kontrolin ang presyo ng langis, binuo ni Rockefeller ang Standard Oil Alliance noong 1871 at naging numero unong kumpanya ng langis sa buong mundo. Noong 1900, nabili ng kumpanya ang Pacific Coast Oil Company at noong 1906, isinanib nito ang kanyang operasyon sa Pacific Oil na ngayon ay Chevron. Nang pumasok ang Standard Oil sa California noong 1900, mayroon nang pitong integradong kumpanya ng langis doon. Ang Union Oil Company of California ang pinakamahalaga sa mga ito.



Ang Union Oil Company of California ay naitatag noong Oktubre 17, 1890. Nabuo ito sa pagsasanib ng tatlong Southern Californian oil companies, ang Sespi Oil Company at Torrey Canyon Oil Company na iisa ang may-ari at ang Hardison and Stewart Company. Ang holding company nito ay ang Unocal Corporation.

# STANDARD OIL



Para makontrol ang produksyon at distribusyon ng langis, binuo ang Standard Oil Trust noong 1882. Noong 1899 nilikha ng Trust ang Standard Oil Company (New Jersey) at ito ang naging *parent company*. Kinontrol ng Trust ang mga myembrong korporasyon sa pamamagitan ng *stock ownership*, kaayusang katulad ng kasalukuyang *holding company*.

Naging matindi ang kumpetisyon ng mga malalaking kumpanya ng langis. Sa Pennsylvania binuo ang mahigpit na kakumpetensya ng Standard Oil, ang Pure Oil Company, Ltd. noong 1895. Tumagal ang kumpetisyon nang mahigit kalahating siglo mula noon.

Marami pang maliliit na kumpanya ng langis ang umusbong. Sa pagkakatubos ng mina ng langis sa Corsicana, Texas noong 1890s umakit ito ng iba pang namumuhunan na magtayo ng maliliit na kumpanya, isa na rito si Joseph Cullinan na kalaunan ay nagtayo ng Texas Company na magiging mahigpit na kakumpetensya ng Standard Oil. Si Henri Deterding, na bumuo ng grupong Royal Dutch-Shell sa Holland at Great Britain ay lumipat sa California noong 1912 kasabay ng kanyang American Gasoline Company (Shell Company of California matapos ang 1914).

Sa paglaki ng kapital at kapangyarihan ng Standard Oil, nahiwalay ito sa mga kapwa namumuhunan at sa mamamayan mismo. Nilabanan ng Standard Oil ang kanyang mga kakumpetensya sa pagpapababa ng bayad sa perokaril at *shipment*. Inimpluwesyahan din nito ang lehislatura at maging ang kongreso ng kanilang bansa. Noong 1911, idineklara ng Korte Suprema ng US na minomonopolisa ng Standard Trust ang kalakalan ng langis at nag-utos ito na buwagin ang Trust sa 43 na kumpanya.



Kalakan sa mga kumpanyang ito sa kalaunan ay naging bahagi ng “Seven Sisters” na nagdomina sa pandaigdigang produksyon ng langis sa ika-20 siglo. Sa kasalukuyan, sila pa rin ang mayorya sa mga pinakadambuhalang kumpanya sa langis na nagmula sa dating Standard Oil. Ang paglakas ng bentahan ng gasolina para sa mga sasakyan at mga eroplano noong 1900s ang nagtulak para sa paghahanap pa ng mas maraming pagkukunan ng langis sa US. Nang malikha ang *internal combustion engines*, ang mga nagrerepina ay naghanap ng pamamaraan na magprodyus ng mas pinaunlad na uri ng gasolina.

Ang eksplorasyon ng langis sa North America noong ika- 20 siglo ang nagdala sa US bilang pangunahing prodyuser ng langis sa kalagitnaan ng siglo. Nang umabot na sa sukdulan ang dami ng makukuhang langis sa US noong dekada 1960, nalampasan na ito sa produksyon ng langis ng Saudi Arabia at ng Russia. Itinulak ng gubyerno ang mga kumpanya ng langis na maghanap ng mapagkukunan nito sa ibang bayan. Kaya ang kumpanyang ito ay namuhunan sa Middle East, Southeast Asia at South America at nagpatuloy sa iba pang lugar habang patuloy na nag-eksport ng langis ang US.

Noong dekada 1930, ang tinaguriang “Seven Sisters” ang komokontrol sa produksyon ng langis sa buong mundo. Ang tinatawag na “Seven Sisters” ay ang kumpanyang Anglo-Persian (pinagmulan ng British Petroleum), Shell, at tatlong pinanggalingan ng Chevron (Standard Oil of California, Gulf Oil at Texaco); at ang Exxon at Mobil na pawang mga galing sa Standard Oil. Ang mga kumpanyang ito ang nagmay-ari ng lahat ng karapatang magmina ng langis sa Iran, Iraq, Saudi Arabia at sa Persian Gulf. Dahil gumagana bilang kartel, nakokontrol nito maging ang mga prodyuser ng langis sa mga bansang atrasado.



Standard Oil of New Jersey (Esso)



Royal Dutch Shell (Anglo-Dutch)



Anglo-Persian Company (APOC)



Standard Oil Co. of New York (Socony)



Standard Oil of California (Socal)



Gulf Oil



Texaco



## ANG HIDWAAN SA PAGITAN NG US AT MGA BANSANG ARAB

Sa maagang bahagi ng dekada 1970, tumaas ang konsumo ng langis sa US sa anyo ng gasolina at iba pang produkto nito habang bumaba naman ang produksyon ng langis sa sariling bansa. Nagresulta ito sa papalaking bolyum ng iniimport na langis ng US. Inakala ng US na habambuhay siyang susuplayan ng langis ng mga bansang Arab. Subalit ang pag-asang ito ay nalusaw noong 1973, nang magpatupad ng *oil embargo* ang Organization of Arab Petroleum Exporting Countries (OAPEC) na nagbunga ng pagliit ng *supply* ng langis dahilan para tumaas ang presyo nito sa malaking bahagi ng dekada 1970.

Bago ito, noong 1948, ang Allied Powers ay kumuha ng lupain sa mga dating kontrolado ng Great Britain na teritoryo ng Palestine upang itatag ang estado ng Israel, para diumano maging tahanan ng mga lagalag na Hudyo sa buong mundo. Karamihan sa mga mamamayang Arab sa rehiyon ay hindi kumikilala sa bansang Israel. Dahil dito, sumiklab ng mga ispontayong pag-atake at may mga panahong nagiging ganap na sigalot. Isa sa mga Arab-Israeli war ang Yom Kippur War na nagsimula noong Oktubre 1973 nang atakehin ng Egypt at Syria ang Israel sa panahon ng Jewish holiday na Yom Kippur. Inutos ni US president Richard Nixon na magpadala ng tulong sa Israel. Bilang tugon , ang mga kasapi ng OAPEC ay nagbawas ng produksyon ng petrolyo at nagdeklara ng *oil embargo* sa *oil shipments* ng United States at Netherlands, ang mga bansang pangunahing sumusuporta sa Israel.

Noong dekada 1960 at 1970 may mga pagsisikap na ang *oil-exporting nations* na baguhin ang sistema ng kalakalan ng langis sa buong mundo na

# OPEC FOUNDING MEMBERS



IRAN



IRAQ



KUWAIT



SAUDI  
ARABIA




VENEZUELA

papabor sa kanila at kontrahin ang monopolyo sa langis ng mga imperyalistang bansa (o ng “Seven Sisters”). Noong 1960, ang Saudi Arabia at iba pang *oil-exporting nations* ang bumuo ng Organization of Petroleum Exporting Countries (OPEC). Ito ay bilang pangontra sa “Seven Sisters” na mga multinasyunal na kumpanya ng langis. Nais nilang magkaroon ng mas mahigpit na kontrol sa kanilang yamang langis. Nagsimulang kontrolin ng OPEC ang presyo ng langis sa pamamagitan ng dami ng produksyon nang ihiwalay ni dating pangulong Richard Nixon ng US ang dolyar mula sa *gold standard* noong 1971.

Ang koordinasyon sa pagitan ng mga bansang ito sa balangkas ng OPEC ay naging madali sa kanila na isabansa ang produksyon ng langis at kontrolin ang pagpipresyo ng langis pabor sa kanila at hindi maapektuhan ng mga parusang militar o pang-ekonomya ng US. Bago ang pagkakabuo ng OPEC, ang mga indibidwal na bansa ay napaparusahan kapag hindi sila sumusunod sa dikta ng imperyalistang US. Tulad na lamang sa kaso noong 1953 nang inudyukan ng US at UK ang isang kudeta laban sa presidente ng Iran matapos nitong isabansa ang industriya ng

langis. Maaari ding pabawasan ang produksyon ng langis ng mga bansang hindi sumusunod o kumontra sa interes ng "Seven Sisters".

Mula 2018, ang 13 bansang myembro ng OPEC ay tinatayang may 44% ng pandaigdigang produksyon ng langis at 81.5% ng pandaigdigang reserba ng langis. Pero bago ang krisis sa langis noong 1973, kontrolado ng "Seven Sisters" ang 85% ng reserbang langis sa buong mundo. Noong 2021, ang 80.4% krudong langis ay hawak ng mga bansang myembro ng OPEC.



# III. IMPERYALISTANG KONTROL SA INDUSTRIYA NG LANGIS




Ang imperyalismong US ang may kontrol sa pandaigdigang industriya ng langis. Dito nagmumula ang anim na malalaking kumpanya ng langis sa kasalukuyan.

Ang pinakamalalaking monopolyo sa industriya na tinatawag ding *big oil* o *supermajors* ay pumapatungkol sa kanilang kapangyarihan sa ekonomya at pulitika sa US at maging sa buong daigdig. Binubuo ito ng ExxonMobil, Chevron, BP, Shell, Eni, TotalEnergies at ConocoPhillips. Ang mga supermonopolyong ito ay magkakaugnay sa industriya at nag-oopereyt sa lahat ng aspeto ng produksyon ng langis.

Sa ilalim ng imperyalistang globalisasyon, naganap ang pagsasanib ng malalaking kumpanya sa langis upang higit pang makontrol ang pandaigdigang pamilihan sa langis .

Noong 2005, isinanib ng Union Oil Company ang kanyang buong *upstream petroleum bussiness* sa Chevron. Bago pa ito, noong 1997 ay ibinenta na ng Unocal sa Tosco Corporation ang operasyon nito sa pagbebenta at pagrerepina, kabilang ang lahat ng karapatan ng Union sa 76 *brand* sa pagrerepina at pagbebenta ng langis. Nabili naman ang

# PAGSASANIB NG MALALAKING KUMpanyA SA LANGIS



Tosco ng Phillips Petroleum na bandang huli ay nagsanib sa Conoco at bumuo ng ConocoPhillips.

Resulta ng pagsasanib ang pagkakabuo ng pinakamalalaking pandaigdigang korporasyon. Sa pagitan ng 2005 at 2007, ang kita ng anim na higenteng kumpanya sa langis ay may kabuuang US\$ 494.8 bilyon. Lahat ng mga nagsanib na mga kumpanya ay naging nangungunang mga kumpanya sa buong mundo. Ang ExxonMobil ay nasa ika-12 pwesto, BP ay ika-35 at ang Chevron ay ika-37 sa listahan ng pinakamayayamang kumpanya noong 2022.

Ang Saudi Aramco ay isa sa limang kumpanya na may trilyong halaga ng pamumuhunan bilang pangatlo

sa pinakamalalaking kumpanya sa ngalan ng pamumuhunan. Ang halaga ng yaman ng kumpanya ay katumbas ng pinagsanib na 19 na kumpanya na nasa listahan. Subalit ang mas nakakagulat ay ang napakabilis na paglago ng kita nito sa loob lamang ng kulang dalawang taon mula noong Disyembre 2019.

Ang Aramco ang may pinakamalaking kinita noong 2019 na umabot sa \$88 bilyon ang netong kita. Naungusan ito ng kumpanyang Apple sa kita noong 2020 sa pagbaba ng kita nito tungong \$49 bilyon sa kasagsagan ng pandemya. Subalit sa pagtaas ng presyo ng langis bumalik ito sa pwesto bilang may pinakamataas na kinita noong 2021 na umabot sa \$110 bilyon. Pagsapit ng 2022 kumita ito ng makasaysayang \$161 bilyon na mas mataas ng 45.6% sa kita nito sa sinundang taon.

Ang produksyon, distribusyon, pagrepina, at pagbebenta ng langis sa kabuuan ay bumubuo ng pinakamalaking pandaigdigang industriya sa halaga ng dolyar.

Ang tatlong nangungunang prodyuser ng langis sa buong mundo ay ang United States, Russia at Saudi Arabia. Ang 80% reserbang langis ay matatagpuan sa mga bansa sa Middle East at ang 62.5% nito ay matatagpuan sa Saudi Arabia, United Arab Emirates, Iraq, Qatar at Kuwait.

Noong 2020, ang pinakamalalaking prodyuser ng langis at ang dami ng kanilang produksyon ay ang mga sumusunod: US 18.60 milyong bariles kada araw, Saudi Arabia 10.82 milyong bariles, Russia 10.50 milyong bariles, Canada 5.6 milyong bariles at China 5.3 milyong bariles.

Sa Asia, ang China ang may pinakamalaking produksyon ng langis noong 2020 na may kabuuang 4.93 milyong bariles kada araw kasunod ang India.


Noong 2020 ang kabuuang pandaigdigang produksyon ng langis ay 88.4 milyong bariles kada araw. Ang Asia-Pacific ang kumokonsumo ng 38% ng langis.

Ang heograpikal na distribusyon ng malalaking kumpanya ng langis ay nagpapakita ng pandaigdigang kontrol ng mga ito. Ang nangungunang 20 kumpanya ng langis ay galing sa 10 iba't ibang bayan. Ang US ay may anim na kumpanya, habang apat sa Russia. Ang natitirang 10 ay sa China, Brazil, Saudi Arabia at Europe.

Bilang pangatlo, kopo rin ng Russia ang signipikanteng bahagi ng pandaigdigang pamilihan sa enerhiya. Isa ito sa tatlong pangunahing prodyuser ng krudong langis sa buong mundo. Ito ay may reserbang langis na umaabot sa 107.8 bilyong bariles. Ang produksyon nito ng langis at gas ay umabot sa 10.5 milyong bariles kada araw o 14% ng kabuuang suplay ng langis sa buong mundo. Nagluluwas ito ng 4.7 milyong bariles kada araw ng krudo sa iba't ibang panig ng mundo. Ang China ang pinakamalaking importer ng krudo (1.6 milyong bariles kada araw) mula sa Russia pero signipikante pa rin ang iniluluwas na langis ng Russia sa Europe na umaabot sa 2.4 milyong bariles kada araw. Ang halaga ng eksport nito ng krudong langis ay US\$ 110.12 bilyon.

# LANGIS: NANGUNGANANG PRODYUSER VS. KONSYUMER

Ipinapakita ng infograph na ito ang mga nangungunang prodyuser at konsyumer ng langis sa mundo.





Ang Russia rin ang pumapangalawa sa prodyuser ng *natural gas* sunod sa United States at may pinakamalaking reserba nito. Ito rin ang pinakamalaking *exporter* ng *natural gas* sa buong mundo. Ang Rosneft ang pinakamalaking kumpanya ng langis sa Russia at sumunod dito ang LUKOIL. Ang iba pang kumpanya ng langis sa Russia sa langis ang Gazprom Neft, Surgutneftgaz, Tatneft at Russneft.

Ito ay may malaking *crude export pipeline capacity* kaya kinakaya nitong magluwas ng malaking bolyum ng langis direkta sa Europe at Asia. May kapasidad itong magrepina ng tinatayang 6.9 milyong bariles kada araw.

Ang gerang *proxy* ng US/NATO sa Ukraine laban sa Russia ay isang inter-imperyalistang gera. Manipestasyon ito ng nagpapatuloy na krisis ng bulok na sistemang monopolyong kapitalismo. Kabilang sa mga estratehikong layunin ng US na kontrolin ang malaking merkado ng likas na *gas* ng Russia sa Europe.

Ang China bilang isang bagong imperyalistang bansa ay may mahalagang papel ngayon sa pandaigdigang produksyon at pamilihan ng langis. Ang China ang panlima sa pinakamalaking prodyuser ng repinadong langis sa buong mundo noong 2020. Nagsusuplay ito ng 4.27 milyong bariles kada araw o 5% ng pandaigdigang suplay ng langis.

Walang malaking reserba ng langis ang China. Umaasa ito sa pag-import ng krudong langis at pagpoproseso nito. Subalit naungusan na nito ang US sa kapasidad sa pagrerepina ng langis noong 2022. Lumaki ang kapasidad nito ng 920 milyong tonelada kada taon o 18.4 milyong bariles kada araw

kumpara sa US na umabot lamang ng 17.6 milyong bariles kada araw nitong Disyembre 2022. Mayroon itong 32 kumpanya sa pagrerepina na may pinakamababang kapasidad na 200,000 bariles kada araw.

Dagdag pa, malaki ang *demand* para sa repinadong langis sa Asia na maaaring suplayan ng China. Ang repinadong langis ay mahalagang sangkap sa paggawa ng pagkain, damit, *cosmetics*, pestisidyo at maging mga panloob na bahagi ng sasakyan.

Sa taong 2025, inaasahan na lalaki pa ang kapasidad ng China sa pagpoproseso ng krudong langis at aabot ito sa 1 bilyong metriko tonelada kada taon, o 20 milyon bariles kada araw mula sa 17.5 milyong bariles sa katapusan ng 2020, ito ay batay sa pagtaya ng China National Petroleum Economics & Technology Research Institute. Ang paglakas ng kapasidad ng China sa pagrerepina ng langis ay may malaking epekto sa pandaigdigang industriya ng langis. Ang pagluluwas ng repinadong langis ng China ay lumaki sa mga bansang Hongkong, Singapore, Australia, South Korea at kabilang na ang Pilipinas. Ramdam na ito ng iba pang kumpanya ng langis, partikular ang Shell na binawasan na ang kapasidad sa pagrerepina noong 2020 sa Singapore. Ibig sabihin nito, sa pangunguna ng China sa pagrepina ng langis sa buong mundo lalaki ang papel nito sa buong rehiyong Asia at maging sa buong mundo.

Ang pwersahang pag-angkin ng China sa buong South China Sea (SCS), kabilang na ang West Philippine Sea ay dahil sa mayamang rekurso ng langis at *natural gas* na makukuha rito. Ayon sa US Energy Information Agency, ang tinatayang deposito ng langis sa SCS ay 14 trilyong bariles ng *natural gas* at 16-30 bilyong bariles ng langis.

## GAANO KALAKI ANG KINIKITA NG MGA HIGANTENG KUMpanyA NG LANGIS?

Ayon sa pag-aaral, ang mga kumpanya ng langis at *gas* ay kumita ng \$2.8 bilyon netong kita bawat araw sa huling 50 taon. Ang kabuuang nakopo ng mga *petro-states* at mga kumpanya ng langis mula 1970 ay umabot na sa \$52 trilyon. Malaki ang tinutubo ng mga kartel sa langis dahil sa nililikha nilang artipisyal na kakulangan ng suplay para itaas ang presyo ng langis.

Sa kasagsagan ng pandemyang Covid-19 kumita ang 25 nangungunang kumpanya ng langis sa buong mundo ng \$205 bilyon noon lamang 2021. Lumaki pa ito sa unang kwarto ng 2022 (Tingnan ang graph na Tubo ng 5 Nangungunang Kumpanya ng Langis at Gas sa 2022). Tumaas ang kita ng limang kumpanya ng langis sa US—Shell, ExxonMobil, BP, Chevron at ConocoPhillips ng mahigit 200% sa unang kwarto pa lamang ng 2022. Ito ay may kabuuang \$35 bilyon sa loob lamang ng tatlong buwan.


Sa buong taon ng 2022 ang ExxonMobil ay kumita ng \$55.7 bilyon o \$6.3 milyon kada oras. Habang ang Chevron naman ay kumita ng \$36.5 bilyon kung saan dumoble kumpara sa kinita nito noong 2021. Sa kaparehong taon, ang Shell ay kumita ng \$32.2 bilyon pinakamataas sa loob ng 115 taong pag-opereyt nito at ang BP ay kumita din ng \$27.7 bilyon mas mataas kumpara sa \$12.8 noong 2021.

Sa kasalukuyan, madalas na idinadahilan sa pagtaas ng presyo ng langis ang diumanong nagaganap na gyera sa Ukraine. Subalit, makikitang

malaki ang kinita ng mga higanteng kumpanya ng langis sa pinalobong presyo ng langis. Umabot na sa \$131.1 bilyon ang kinita ng ExxonMobil, Chevron at Shell dulot ng walang tigil na ispekulasyon na nagpasirit sa presyo ng mga produktong petrolyo.

Ang China National Offshore Oil Corporation (CNOOC), pinakamalaking kumpanya ng langis sa China, ay may naiulat na netong kita na \$15 bilyong sa loob lamang ng siyam na buwan noong 2021.

## TUBO NG 5 NANGUNGUNANG KUMpanyA NG LANGIS AT GAS SA 2022



Tala: Hinalaw ang mga graph mula sa financial statements ng mga kumpanya. Kinakatawan ng mga tubo ng Chevron at ExxonMobil ang kabuuang kita nila, sinasalamin ng tinubong ng lahat ng iba pang kumpanya ang adjusted earnings o ang katumbas na profit indicator.

Isa pang paraan ng pagpapalaki ng tubo sa industriya ng langis ay *hoarding* o ang pag-iimbak nito na ginagawa ng mga supermonopolyo kapag mababa ang presyo nito hanggang tumaas muli ang presyo saka nila ito ibebenta. Dito pumapasok ang ispekulasyon sa langis. Marami sa mga ispekulador sa pinansya at kumpanya sa langis na bumili ng mga *oil future* at reserbang suplay ng langis sa mababang presyo ay tumatabo nang malaki sa mataas na pagsirit ng presyo. Maging ang iba pang mga monopolyo kapitalista ay nakikisangkot sa ganitong transaksyon tulad ng Morgan Stanley, Goldman Sachs at ang Citicorp na kumita sa simpleng pag-iimbak ng langis. Patunay nito na noong 2009 ang isa sa pinakamalaking *oil tankers* ay ginamit na imbakan ng langis imbes na sa transportasyon.


Noong 2014 hanggang 2015, sinamantala ng mga monopolyo kapitalista ang pagbagsak ng presyo ng langis ng 60% para mag-iimbak. Bumili sila ng minimum na 25 milyong bariles para itago sa mga *supertankers* at ilabas lamang kung kailan tumaas na muli ang presyo ng langis. Isa ang Shell sa mga kumpanyang nag-iimbak sa mga *supertankers* na umabot ng 12 buwan. Noong 2020 ang mga *rail* at *road tankers* at mga di na ginagamit na tubo ng langis ay ginamit ding imbakan ng langis sa kaparehong layunin.

## **PAGTAAS AT PAGBABA NG PANDAIGDIGANG PRESYO NG LANGIS**

Sinasabi na ang pandaigdigang presyo ng langis ay relatibong istable noong ika-19 at maagang bahagi ng ika-20 siglo. Nagkaroon lang ng

pagbabago noong dekada 1970, kung saan nagkaroon ng signipikanteng pagtaas ng presyo ng langis sa pandaigdigang pamilihan. Salik dito ang mga kaganapan sa daigdig na nakaapekto sa presyo ng langis. Ilan sa mga sinasabing tampok dito ay ang *oil embargo* ng OPEC sa mga bansang sumuporta sa Israel sa panahon ng Yom Kippur War na nagresulta sa krisis sa langis noong 1973. Nang wakasan ang embargo noong Marso 1974, tumaas na ang presyo ng langis ng 164%; ang Iranian Revolution noong 1979, kung saan dumoble ang presyo ng langis. Samantala, ang krisis pampinansya noong 2007-2008, at noong 2013 ay lumikha ng sobrang suplay ng langis na nagbunga ng pinakamalaking pagbaba sa presyo ng langis noong 2014 hanggang 2016. Ang iniresulta nitong 70% na pagbaba ng pandaigdigang presyo ng langis ay isa sa pinakamalaking pagbawas ng presyo nito mula noong WWII at ito rin ang pinakamahabang panahong pagbaba mula noong 1986.

## KABUUNAN NG OPEC SA PAG-EKSPORT NG LANGIS



Ang pangkasaysayang pagtaas ng presyo ng langis ay makikitang bumilis mula 2004-2008. Sa panahong iyon, malaki ang pangangailangan ng langis sa ekonomya subalit limitado ang produksyon. Sa ikalawang kwarto ng 2008, tumaas ang presyo ng langis nang 125% kada bariles. Bumagsak ito nang 66% matapos ang pandaigdigang krisis sa pinansya.

Ang hidwaan ng Russia at Saudi Arabia noong 2020 hinggil sa presyuhan ng langis ay nagresulta sa 65% pagbaba nito sa pandaigdigang pamilihan sa pagsisimula ng pandemyang CoVid -19. Sa panahon ng pandemya noong 2020 kung saan ipinatupad ang mga *lockdown*, bumaba ang presyo ng langis na umabot sa 40% sa loob ng tatlong buwan. Noong 2021, ang muling pagtaas ng presyo ng langis ay itinulak ng paglaki umano ng *demand* dahil sa pagtatapos ng pandemya. Tumaas ang presyo ng langis nang 216% mula sa lebel ng presyo nito noong pandemya noong unang kwarto ng 2022. Itinuturong mga dahilan nito ang diumano ng *economic recovery* ng mga bansa matapos alisin ang mga *lockdown* at epekto sa suplay ng langis ng nagaganap na gyera sa pagitan ng Russia at Ukraine. Nitong 2022, ang presyo ng Brent *crude oil* ay pinakamataas mula noong 2014 na nagkakahalaga ng \$88 kada bariles.

Tumaas ang presyo ng langis nang mahigit na sa pitong ulit mula ng magsimula ang gyerang Russia-Ukraine. Maraming bansa sa Europe sa pangunguna ng US ang nagdeklara ng pag-*ban* sa pag-import ng langis sa Russia.

Noong Oktubre 2022, ang OPEC+ ay nagkasundo na magbabawas ng produksyon ng langis ng dalawang milyong bariles kada araw. Ipinatupad

ito noong Nobyembre 2022. Ginawa nila ito dahil bumagsak ang presyo ng langis mula sa \$120 kada bariles tungong \$80 kada bariles noong Hunyo 2022. Ito ay sa kabila ng presyur ng US na dapat magprodyus sila ng langis para itaas ang suplay at pababain ang presyo nito. Dahil dito napilitan si President Biden ng US na atasan ang kanilang Department of Energy na maglabas ng 10 milyong bariles mula sa kanilang Strategic Petroleum Reserve. Matatandaang ang US ay nag-angkat din ng langis para sa pangangailangan nito.

Malaki ang negatibong epekto ng pagtaas ng presyo ng langis sa ekonomya ng daigdig. Pinapataas nito ang gastos sa produksyon ng maraming produktong pangkonsumo. Dahil ang suplay ng petrolyo at *natural gas* ay mahalaga sa agrikultura at transportasyon, magdudulot ito ng pagtaas ng presyo ng mga hilaw na materyales para sa produksyon ng pagkain at iba pang bilingin at maging serbisyo.

## **TRANSISYON SA “MALINIS NA ENERHIYA”**

Malaking usapin ngayon sa daigdig ang pagbabago ng klima (*climate change*) dulot ng pagnipis ng *ozone layer* ng mundo dahil sa laki ng carbon emissions na nanggagaling sa pagsusunog ng langis (*fossil fuel*) bilang pangunahing pinagkukunan ng enerhiya sa buong mundo. Katunayan, may malakas nang pandaigdigang panawagan na bawasan ang *carbon dioxide emissions* at gumamit sa tinatawag na “*clean energy*”—*wind, solar* at *storage* at iba pa para makamit ang *net zero greenhouse gas emissions*. Ang *net zero green house gas emissions* ay pagkakamit na mabalanse ang mga *gas emissions* na nililikha at inilalabas upang sa gayon ay malimitahan ang nadadagdag na *emissions* sa atmospera.



Sa kasalukuyan, ginagamit pa itong rason para higit pang lumaki ang kita ng mga dambuhalang kumpanya sa langis. Ikinakatwiran nila ang gastos para sa transisyon nila sa mga proyektong may mababang gamit ng *carbon* sa pagtataas ng presyo ng langis at sa hindi pagbabayad ng karampatang buwis. Gayunman, mas malaki pa rin ang pamumuhunan nila sa mga bagong *oil* ang *gas fields*. Noong 2020, 1% lamang ang naiulat na gastos ng mga ito sa clean energy na tumaas tungong 4% nitong 2021 ayon sa International Energy Agency (IEA). Ang patuloy na pamumuhunan nang malaki sa *oil exploration* ay magbabalewala sa pagsisikap na makontrol ang pag-init ng mundo sa 1.5°C ayon sa mga grupong pangkalikasan.

Plano ng BP na mamuhunan ng \$2-3 bilyon sa *renewable energy* sa 2025, subalit ang pangkabuuang pangangapital nito ay €60 bilyon na tiyak na higit pang magpapataas sa *greenhouse emissions*. Ang parehong kumpanya ay gumastos ng \$3.2 bilyon sa "*clean energy*" noong 2016, pero sa kaparehong panahon ay nangapital sa *oil exploration and development* ng \$84 bilyon. Dagdag pa, ang "*blue hydrogen*" na inihahanay rin bilang "*green energy*" ay may mas mataas pa ring *carbon emission* kaysa sa *natural gas*.

Ang Shell ay mamumuhunan din ng \$2-3 bilyon para sa mga aktibidad na may mababang *carbon*, kung saan 10% ito ng kanyang pamumuhunan, subalit mamumuhunan pa rin ng \$8 bilyon para sa *upstream fossil fuel production*.

# IV. ANG INDUSTRIYA NG LANGIS SA PILIPINAS



## KASAYSAYAN NG INDUSTRIYA NG LANGIS

Ang kasaysayan ng industriya langis sa Pilipinas ay kasaysayan ng dayuhang monopolyong kontrol. Noon pa mang ika-19 na siglo ay nag-eeksport na ang US ng langis sa bansa nang magsimula itong gumamit ng langis para sa mga sasakyang pandagat, *kerosene*, at gasolina. Panahon din ito ng pagpasok ng mga sasakyang galing US, mga lutuan at ilaw na gumagamit ng *kerosene* o gaas. Ang malalaking pangalan sa kasaysayan ng industriya ng langis tulad ng Shell, Mobil, Texaco at Chevron ay pumasok sa Pilipinas. Patunay nito, bago ang WWII, naitayo na ng Standard Oil ang Pandacan Oil Terminal.

Ang Caltex ay nakapasok na sa Pilipinas noong pang 1917 nang ang Texas Company ay nagbenta ng mga produktong langis sa bansa sa pamamagitan ng lokal na distribyutor nitong Wise ang Co. Noong 1921 ang Texaco (Philippines) ay pormal na itinayo sa Pilipinas at nagbukas ng opisina nito sa Binondo, Manila. Makalipas ang 11 taon ang Pandacan *oil depot* nito ay ginawang susing *terminal* para sa distribusyon ng produktong langis sa mga kalapit na probinsya sa pamamagitan ng lantsa.

Kasing aga ng 1900, ang Pilipinas ay sumalig sa pag-iimport ng mga produkto ng US at pag-eksport ng mga hilaw na materyales. Kasabay nito ibinukas ng kolonyal na guberno ang kagubatan ng Pilipinas sa pagtotroso at pagmimina kabilang na ang paghahanap ng mapagkukunan ng langis. Noong 1896, ang Smith Bell and Co. ay nagkaroon ng *oil drilling* sa Cebu. Ito ang pinakaunang minahan ng langis sa bansa. Matapos ito ay marami pang sumunod na *oil exploration* sa iba't ibang bahagi ng bansa mula 1950s hanggang 1970s .


Mula 1950 hanggang 1970, may kumpetisyon na sa hanay ng anim na malalaking kumpanya ng langis sa Pilipinas—ang Shell, Caltex, Esso, Mobil, Filoil at Getty. Sa panahon ng diktador na si Marcos Sr. niluwagan ang sistema para sa mga namumuhunan sa langis sa ilalim ng Service Contract (SC) System. Nagbigay ito ng maraming insentibo at *tax exemptions*. Sa ilalim ng nasabing sistema mayroong 184 na minahan ng langis sa bansa na nagkaroon ng kabuuang produksyon noong 1979 ng 7.18 milyong bariles— ito ang pinakamataas na produksyon ng langis sa kasaysayan ng bansa.

## **MABABANG PRODUKSYON**

Langis ang pangunahing pinagkukunan ng enerhiya sa bansa. Dito nanggagaling ang 98% ng kabuuang pangangailangan ng bansa sa enerhiya.

Sa pagtaya noong 2016, meron lamang itong 138.5 milyong bariles na reserbang langis na naglagay sa Pilipinas sa ika- 64 na pwesto sa

# KASALUKUYANG SERVICE CONTRACTS NG PETROLYO SA WEST PHILIPPINE SEA



buong mundo (0.01% sa kabuuang reserbang langis sa buong mundo). Umaabot lamang ng 33,258 bariles kada araw ang produksyon ng krudong langis (8.8% ng reserbang langis ng bansa). Napakababa nito kumpara sa kinokunsumong langis sa bansa na umaabot ng 429,000 bariles kada araw. Samakatwid, mayroong arawang kakulangan na 397, 742 bariles. Higit kalahati o 52% (222,133 bariles kada araw) ng langis na kinokonsumo ng bansa kada araw ay iniimport. Ang ambag ng industriya sa Gross Domestic Product (GDP) ng bansa ay 0.04% noong 2000 hanggang umabot lamang ng 0.46% noong 2019 ayon sa Philippines Statistics Authority.

Mas bumaba pa ang lokal na produksyon ng langis noong 2020 na umabot lamang ng 0.8% ng kabuuang suplay ng langis sa bansa dahil sa pagbaba ng 12.7% ng produksyon nito noong 2019 mula 522.6 kilong tonelada ng langis tungong 456.3 kilong tonelada. Simula noong 2015 ay pababa na produksyon ng langis dahil sa pagkonti ng produksyon ng mga gumaganang *oil fields*. Ang *oil wells* sa Nido, Matinloc at North Matinloc ay tumigil na sa operasyon, habang ang Galoc at Alegria naman ay may mababang bolyum ng produksyon.

Ayon sa guberno, ang reserbang krudong langis ng bansa ay halos ubos na. Ang mga naitayong minahan ng langis sa hilagang bahagi ng Palawan (West Linapacan, Tara, Galoc at Cadlao) ay isinara na dahil sa mahinang produksyon nito.

May maliit na bahagi ng pagmimina ng *natural gas* sa karagatan sa kanlurang bahagi ng Palawan, ang Malampaya *gas field* na nagsimulang mag-opereyt noong 2001 ngunit lubhang mababa ang kantidad na umaabot lamang ng 12.1 *million cubic meters* kada araw. Nakapagdeliber ito ng *clean fuel* sa limang planta sa Batangas. Kinaya lamang nitong suportahan ang 40% ng pangangailangan sa enerhiya ng Luzon sa kalakasan ng produksyon nito.

Dahil hindi prayoridad ng guberno ang pagkakaroon ng sariling industriya ng langis at walang sariling kapital para rito, ang mga eksplorasyon ng langis ay dominado ng dayuhan. Halimbawa nito ang Nido Petroleum ng Australian na may eksplorasyon ng langis sa Palawan

at sa ilog ng Cagayan. Sa isang pag-aaral sinasabi na ang kakulangan natin ng langis ay hindi dahil sa kawalan ng mapagkukunan ng langis, kundi ang kawalan ng kapital ng bansa na magkaroon sa sariling eksplorasyon sa langis. Ang *exploration drilling* ng bansa mula sa 9 noong 1991 ay bumagsak sa zero noong 1997. Ika nga, kung ang Indonesia ay nagkakaroon ng *oil drilling* ng 20 beses kada buwan, ang Pilipinas naman ay 400 beses sa loob ng 100 na taon.

Noong 2018, may panimulang 14 na tinukoy na *area* ang Department of Energy (DOE) para sa *oil exploration* na *onshore* at *offshore* na may pinagsamang saklaw na lawak na 7.28 milyong ektarya. Kinapapalooban ito ng mga sumusunod: Cagayan Basin - Area 1; East Palawan - Area 2, 3, at 4; Sulu Sea - Area 5, 6, at 7; Agusan-Davao Basin - Area 8 at 9; Cotabato Basin - Area 10; West Luzon Area - 11, 12, 13 at 14 (*Tingnan ang Petroleum Basin Prospectivity Map sa susunod na pahina*).

Ang DOE ay may minomonitor na 19 aktibong *service contracts* ng *oil exploration*. Pito sa mga ito may produksyon na at umambag ng 3.7 milyon toneladang langis o 6.6 % lamang kabuuang suplay ng langis sa bansa noong 2020. Samantala ang kabuuang konsumo ng langis noong 2020 ay umabot sa 32.7 milyong tonelada.

Ang tinatayang reserbang langis ng bansa noong 2021 ay 3.86 milyong bariles ng langis, 265 milyong tonelada ng gas at 10.69 milyong bariles ng *condensate* na kalakhan ay nasa NorthWest ng Palawan at Cagayan Basin. Ang *hydrocarbon sedimentary basin* ay tinatayang aabot sa 2.120 milyong bariles ng langis at 414.45 milyong tonelada ng *gas*.


# PETROLEUM BASIN PROSPECTIVITY MAP

**LEGEND**

- Group A Basins
- Group B Basins
- Group C Basins



0 km 500 km PHILIPPINES



## PAGSALIG SA DAYUHAN AT PRIBADONG KUMpanyA

Noong 2000, mayroong apat na dayuhang kumpanya na nagmimina ng langis na naging pinakamalalaking kumpanya sa Pilipinas. Ang kanilang kabuuang pinagsama-samang benta ay higit P1.16 bilyon at may kitang P139.14 milyon at P1.22 bilyong *assets*. Ang mga ito ay kinabibilangan ng mga sumusunod: Supply Oilfield Services Inc, Nexus Petroleum, Inc., Alpha Offshore Drilling Services at ang Altisima Energy, Inc.

Ang Supply Oilfield Services Inc. ay isang *multinational company* na itinayo ni Louis Paul Heussaf noong 1979. Nagbibigay ito ng serbisyong lohistika, *manpower* at mga serbisyo sa nakalipas na tatlong dekada. Mayroon itong aabutin sa 1,000 empleyado na may mga kliyenteng kinabibilangan ng Exxon Mobil, Halliburton, Shell, Total, Yamgaz & Technip. Ang Alpha Offshore Drilling Services ay isang Danish Company na itinayo noong 1997 na pagmamay-ari ni Director Mikkel Lund.

Sa napipintong pagsasara ng Malampaya Gasfield sa 2024, ibinukas ng reaksyunaryong gubyerno sa mga dayuhan at mga pribadong kumpanya ang suplay ng *natural gas* sa bansa. Dahil dito, inaprubahan ng DOE ang pitong (7) LNG *terminal projects* na may tinatayang pamumuhunan na P88.8 bilyon. Dalawa sa mga nasabing proyekto ay nabigyan na ng “Permit to Construct”, ang FGEN LNG Corp ng grupong Lopez at ang Energy World Corp., na isang *Australian-based company*, habang ang iba pa ay binigyan na rin ng “Notice to Proceed”. Ang proyekto ay inaasahan mag-uumpisa bago ang taong 2025. Ang FGEN at ang Atlantic Gulf & Pacific Company



of Manila, Inc. (AG&P) na may *headquarters* sa Singapore, ay itinakdang mag-opereyt noon pang 2022 para magsupply sa mga *natural gas-fired powerplants*.

Sa kasalukuyan ang mga *key player* sa industriya ng langis sa bansa na kalakhan ay dayuhan o kaya'y subsidyaryo nito, at malalaking burgesya kumprador ay ang mga sumusunod: Alcorn (Production) Philippines, Inc., Alsons Consolidated Resources, Inc, Altisima Energy, Inc, Anglo-Philippine Oil & Mining Corporation, Coplex Resources NL, Forum Exploration, Inc., Nido Petroleum Philippines Pty. Ltd., Novus Petroleum Limited, Petroz N. L., Philippine National Oil Company-Exploration, Unocal Sulu, Ltd., Pilipinas Shell Petroleum, Chevron Philippines, SeaOil Philippines, Liquigaz Philippines Corp, Cosco Capital Incorporated, Phoenix Petroleum, Unioil, at ang SL Harbor.

Mahina rin ang kapasidad ng bansa sa usapin ng pagrerepina ng langis. Sa Asia, ikalima ang Pilipinas , kasama ang Singapore at Thailand sa dami ng repineriya, pero pang-siyam ito sa usapin ng nalilikhang repinadong langis.

Ang ganitong katayuan ng industriya ng langis sa Pilipinas ang isa sa patunay ng atrasadong kalagayan ng ekonomya ng bansa. Dahil mababa ang kapasidad sa produksyon at pagrerepina, ang lokal na industriya ng langis ay lubhang nakasalalay sa pag-aangkat ng mga yaring produkto. Lalo pa itong aasa sa importasyon dahil sa hinaharap na matinding kumpetisyon mula sa mga dambuhalang nagrerepina ng langis, laluna mula sa China.

Sa kalakhan, binubuo ang lokal na industriya ng langis ng pag-aangkat ng yaring mga produktong petrolyo (gasolina, *diesel*, *kerosene* at iba pa), pag-iimbak at distribusyon nito. Nag-aangkat din ng krudong langis para sa lokal na pagrerepina na nagsusuplay sa wala pa sa kalahati ng bentahan ng mga produktong langis.

## MGA HIGANTE SA PAGBEBENTA NG LANGIS

Ang distribusyon ng langis sa Pilipinas ay pinaghaharian ng dalawang higanteng kumpanya: ang Petron Corp. na may kontrol sa 24.88% ng pamilihan, at ang Pilipinas Shell Petroleum Corp. na may 18.25%, o pinagsamang 43.85% ng kabuuang bentahan.

Ang Petron Corp, na dating pag-aari ng gubyerno ng Pilipinas, ay kontrolado na ngayon ng San Miguel Corporation na pinagmamay-arian ng malaking burgesyang kumprador na si Ramon Ang. Ito ang pinakamalaking kumpanya sa pagrerepina at pagbebenta ng langis sa Pilipinas na nagsusuplay ng mahigit sangkatlo ng pangangailangang langis sa bansa. Mayroon itong repineriya na nag-oopereyt sa Limay, Bataan na mayroong kapasidad na 180,000 bariles kada araw na pansamantalang isinara noong 2020. Mula sa Bataan dinadala nito ang mga produktong langis sa 32 *oil depot* nito sa buong bansa na kadalasan ay sa byaheng- karagatan. Sa pamamagitan ng mahigit 2,400 *service stations* nagtitingi ito ng *gasoline*, *diesel* at *kerosene* sa mga motorista at pampublikong transportasyon. Nagbebenta rin ito ng Gasul, isang *brand* ng LPG.

Ang Pilipinas Shell ay subsidyaryo ng multinasyunal na kumpanyang BP-Shell (dating Royal Dutch Shell na kumpanyang British). Ang Petron at

# KASAYSAYAN NG PETRON CORP.

**1933**

Nagsanib ang Socony Vacuum Oil Company of New York at ang Standard Oil Company na naging Standard Vacuum Oil Company (Stanvac).

**1953**

Itinaguyod ni Claro M. Recto ang panawagan para sa pambansang industriyalisasyon sa gitna ng tumataas na pandaigdigang presyo ng langis. Mula rito, itinayo ng reaksyunaryong gubyrerno ang National Oil Company.

**1957**

Nakuha ng Stanvac ang konsesyon na magtayo at mag-opereyt ng repineriya ng langis sa Bataan.

**1959**

Itinayo ang FilOil Refinery Corporation.

**1962**

Nagsara ang Stanvac. Kumuha ng operasyon nito sa pagrerepina at pagbebenta ng langis sa Pilipinas ang Esso Philippines, Inc. at FilOil Refinery Corporation. Ang Esso ang pangalang ginamit ng Standard Oil of New Jersey sa Pilipinas.

**1973**

Sa pamamagitan ng Philippine National Oil Company (PNOC), binili ng gubyrerno ang sapi ng Esso Philippines, Inc. at FilOil Refinery Corporation. Ang Esso Philippines Inc, ay naging PetroPhil Corporation (Petrophil).

**1974**

Ang lahat ng Esso *filling station* ay pinalitan ng "Petron". Ibinenta rin ng Mobil ang sapi nito sa FilOil Refinery sa PNOC. Ang mga yunit sa pagrerepina at pagbebenta ng langis ay isinanib sa Petrophil Corporation.

**1988**

Ang Petrophil Corporation ay pinalitan ng pangalang Petron Corporation.

**1994**

Sa ilalim ng neoliberal na programang pribatisasyon ng gubyrerno, ang PNOC at Saudi Aramco Overseas B.V., ay pumirma sa kasunduan ng pagbili ng sapi na magbibigay sa kanila ng tig-40% ng pag-aari sa Petron Corporation. Ang natitirang 20% ng sapi ay ibinukas sa iba pang pribadong kumpanya at/ o indibidwal.

**2006**

Lumubog sa karagatan ang Petron *oil tanker* Solar 1 na may kargang langis. Ito ang Guimaras Oil Spill, isa sa pinakamalaking *oil spill* sa kasaysayan ng Pilipinas.

**2008**

Ibinenta ng Saudi Aramco ang buong sapi nito sa Petron sa Ashmore Group ng London. Hulyo, nakontrol nito ang 50.7% ng sapi sa Petron sa pamamagitan ng SEA Refinery Holdings B.V.; at nabili ang 40% sapi ng PNOC. Disyembre, nabili ng San Miguel Corporation (SMC) ang 50.1% ng sapi sa Petron Corp.

**2010**

Nakontrol ng SMC ang mayorya ng sapi sa Petron Corporation.

**2012**

Nabili ng Petron ang lahat ng *downstream business* ng ExxonMobil

**2013**

Opisyal na nagbukas ng operasyon sa Malaysia ang Petron at pinalitan nito lahat ng Mobil *oil stations* sa buong Malaysia.

Shell ay palaging kabilang sa limang pinakamalaking kumpanya sa bansa. Noong 2019, ang Petron ang numero unong kumpanya kung susukatin sa laki ng benta.

Ang Pilipinas Shell Petroleum Corporation (Pilipinas Shell) bilang pumapangalawa sa nangungunang kumpanya ng langis sa Pilipinas ay may integradong *refinery* at *supply chain* sa buong bansa. Mayroon itong 1,100 *fuel stations* hanggang noong katapusan ng unang hati ng 2022 at plano pang magtayo ng karagdagan 40-60 nito hanggang 2025. Mayroon itong 24 *fuel terminals* at *supply points*, 10 bodega ng *lubricants*, 2 *bitumen* (asphalt) *facilities* at network sa lohistika at transportasyon. Pag-aari nito ang nag-iisang Bitumen Production Facility sa bansa na nag-eksport ng nasabing produkto sa lima pang bansa sa Asia. Interesado din itong pumasok sa eksplorasyon ng *liquified natural gas* (LNG) sa bansa. Ayon sa Department of



**Ang Pilipinas Shell Petroleum Corporation (SHLPH) ay itinayo sa Pilipinas noong 1959 na dating kilala bilang Shell Refining Company (Philippines), Inc. Taong 1973, nang palitan ito ng pangalan na siyang ginagamit na nito hanggang sa kasalukuyan. Ito ay pangunahing nag-oopereyt sa pagrerepina at pagbebenta ng mga produktong petrolyo.**

**Ang mga produkto nito ay kinabibilangan ng gasoline, diesel, heating oil, aviation fuel, marine fuel, lubricants at bitumen. Ang ilan sa mga kilalang produkto nito ang “Shell V-Power Racing”; “Shell V-Power Gasoline”; “Shell V-Power Diesel”; “Shell FuelSave Gasoline”; “Shell FuelSave Diesel”; “Shell Helix”; “Shell Rimula” and “Shell Advance”.**

**Ito ay subsidyaro ng British multinational oil and gas company na nakabase sa London, England. Bilang isa sa mga tinatawag na “Big Oil”, ang Shell ay pumapangalawa sa mga kumpanya sa langis at gas sa daigdig sa laki ng rebenyu (sunod sa ExxonMobil), at isa sa mga pinamalalaking kumpanya labas pa sa industriya ng langis. Sa laki ng bolyum ng produksyon at benebentang langis, tinukoy na pang-siyam sa mga kumpanyang nagpoprodyus ng greenhouse gas emissions noong 1988–2015.**

Energy, ang Shell Energy Philippines Inc. ay isa sa pitong LNG *terminals* na inaprubahan nitong mag-opereyt. Ang LNG Floating Storage and Regasification Unit (FSRU) sa Tabangao, Batangas City ay planong mag-opereyt sa darating na Oktubre 2023. Ito ay may kapasidad na tatlong milyong tonelada kada taon (*million tones per annum- MPTA*) na may kinakailangang pondong P2.47 bilyon para sa konstruksyon nito.

Kasunod ng Petron at Pilipinas Shell ang Phoenix Petroleum Philippines na may 6.86%, Unioil na may 6.48%, at Chevron Philippines (Caltex) na may 6.13%. Sa kabuuan, hawak ng limang pinakamalaking kumpanya na ito ang 62.6% ng bentahan ng mga produktong petrolyo.

Mabilis na lumaki ang ang Phoenix Petroleum Philippines at nakuha ang pangatlong pwesto bilang pinakamalaking kumpanya ng langis na dating hawak ng Chevron. Matatandaang isa lamang ito sa mga kumpanyang pumasok bilang "*new player*" sa pagbebenta ng langis matapos isabatas ang *oil deregulation law* noong 1998. Itinayo ito ni Dennis Uy sa Davao noong 2002. Nakilala ito bilang Davao Oil Terminal Services Corporation noong 2004 at pinalitan ng pangalang Phoenix Petroleum Phils, Inc pagsapit ng 2006. Pagmamay-ari nito ang 60 ektaryang *industrial park* sa Batangas na kilala sa tawag na Petrochemicals and Industrial Park, isa sa pinakamalaking *terminal facility* na nag-oopereyt sa lugar. Para makapukos umano sa negosyo sa langis, ibenenta nito ang nasabing kumpanya kasabay ang Chelsea Shipping Corporation na naitayo nito noong 2006, sa *parent company* nitong UDENNA Corporation. Noong 2016 nagkaroon na ito ng 505 *oil stations* sa buong bansa. At noong 2017 ay pumasok ito sa pabebenta ng *liquefied petroleum gas (LPG)* nang mabili nito ang Petronas Energy Phils at pinalitan ng pangalang Phoenix LPG Phils. Itinayo rin nito

ang PNX Petroleum Singapore Pte Ltd. para sa pagbebenta at pagsusuplay ng langis sa rehiyong South East Asia. Noong 2018 nakipagsosyo ito sa TIPCO Asphalt ng Thailand at PhilAsphalt para magbenta ng *bitumen* sa Pilipinas. Mapapansing mabilis na lumaki ang burgesya kumprador na si Dennis Uy sa ilalim ng rehimen ni Rodrigo Duterte.

Ang Unioil Petroluem Philippines Inc. ay isang subsidyaryo ng dayuhang kumpanya ng langis na nakabase sa Evans, Colorado USA. Ito ay nag-eespesyalisa sa langis at iba pang enerhiya. Naitayo ito noong 1987. Nagpalawak ito sa pagbebenta ng mga *lubricants* noong 1996 mula nang maging *distributor* ng Idemitsu *lubricants* mula noong 1994. Nagsimula itong magtayo ng *retail service station* ng 2002 kung saan ito ang pinakaunang “*new player*” sa larangan ng industriya na langis na nakapagtayo ng *retail station*. Hanggang noong 2018, mayroon itong 63 *service stations* sa Manila at Luzon.

Ang Chevron Philippines (Caltex) ay subsidyaryo ng Caltex na pinagmamay-arian ng Texaco at Chevron ng nakabase sa Houston, USA. Ang Caltex ay ang magkasanib na kumpanyang Chevron at Texaco, kung saan ito na rin ang naging *brand name* ng kanilang operasyon hanggang sa tuluyan nang magsanib ang *mother company* nito noong 2001 para maging Chevron Texaco (mula 2005 ay tinawag nalang itong Chevron). Matapos ang pagsasanib, ang dating magkasosyo ay naging buu-buong subsidyaryo ng pinagsanib na kumpanya at pinalitan ang pangalan ng korporasyon ng ChevronTexaco Global Energy Inc., na ngayon ay Chevron Global Energy Inc.

Humina ang bentahan at lumiit ang kita ng mga kumpanya ng langis noong unang hati ng 2020 dahil sa ipinataw na mga restriksyon sa ilalim ng militaristang *lockdown* nang pumutok ang pandemyang COVID-19. Gayunman, mabilis na nakabawi ang mga kumpanyang ito sa ikalawang hati ng 2021. Kumita ang Petron ng P1.6 bilyon noong ikatlong kwarto, P1.2 bilyon ng huling kwarto ng 2020 at may netong kita na P6.14 bilyon noong 2021 at P6.7 milyong naman sa 2022. Ang laki ng naibentang langis sa pinagsamang operasyon sa Pilipinas at Malaysia ay tumaas ng 37% o umabot ng 112.8 milyong bariles noong 2022. Samantala ang benta sa lokal na pamilihan ay tumaas ng 43% sa paglaki ng *demand* sa langis mula sa unti-unting pagrekober ng mga industriya at sektor panghimpapawid matapos ang pandemya.

Kumita naman ng P400 milyon ang Pilipinas Shell noong huling kwarto, matapos indahin ang mga pagkalugi diumano nito ng P16.2 bilyon dahil sa pagsasara ng repineriya nito sa Tabangao, Ibaan, Batangas noong Setyembre 2020. Noong 2021 ang kabuuang netong kita nito ay umabot sa P3.9 bilyon, mas mataas ng P2.3 bilyon kumpara sa kita nito noong 2020 mula nang alisin COVID-19 *lockdown*. Pagsapit ng 2022 ang netong kita nito sa loob lamang ng siyam na buwan ay umabot sa P4.4 bilyon, 31% na mas mataas kaysa sinundang taon na P3.4 bilyon sa kaparehong haba ng buwan sa gitna ng implasyon at pagbaba ng piso kontra dolyar. Ang netong benta sa kaparehong taon ay tumaas ng 71.5% o P213.25 bilyon mula sa P124.32 bilyon.

Ang natitirang bahagi ay pinaghahatian ng iba pang mas maliliit na kumpanya: PTT Philippine Corp. (PTTPC), Total Phils., Seoil Phil. Inc., TWAInc. (Flying V), Liquigaz, Prycegas, Micro Dragon, IslaGas, Jetti, Eastern

Petroleum, Petrotrade, South Pacific, Marubeni, SL Harbour, Rockoil, RK3 Int'l., Insular, ERA 1, High Glory, Warbucks, Perdido, Golden Share and Filoil Logistics Corp. at iba pa.

Kalakhan ng mga kumpanyang ito ay pawang nag-aangkat ng mga yaring produktong langis at tagabenta lamang sa pamilihan. Hanggang noong kalagitnaan ng 2020, 60% ng ibinebentang gasolina, *diesel* at iba pang produkto sa bansa ay tuwirang inaangkat. Lalo pa itong lumaki dahil sa pagsasara ng planta ng Shell. Simula Enero 2021, 100% na ng bentang mga produktong langis sa Pilipinas ay inaangkat matapos isara ng Petron ang operasyon ng planta sa pagrerepina sa Limay, Bataan. Nagdeklara itong itutuloy ang operasyon matapos pangakuan ng kaltas sa buwis, subalit nangangamba na patuloy na malulugi sa harap ng mabigat na kumpetisyon.

## **MAS MALAKING HIGANTE ANG CHINA**

Papalaki ang kontrol at dominasyon ng China sa pagrerepina ng krudo at pag-eeksport ng mga yaring produktong langis, laluna sa Asia-Pacific. Noong ikatlong kwarto ng 2020, umabot sa 64% ng inaangkat na *diesel* sa Pilipinas ay mula sa China. Noong Enero hanggang Nobyembre 2020, sumirit nang 434.1% tungong 1.7 milyong metriko tonelada ang inaangkat ng bansa na gasolina mula sa China. Nag-aangkat din ang Pilipinas mula sa Japan, South Korea, Singapore at iba pang bansa.

Kabilang sa pinakamalaking kumpanyang Chinese ang PetroChina (China National Petroleum Corporation), Sinopec, China National Offshore



Oil Corporation (CNOOC), Shaanxi Yanchang Petroleum at Sinochem group. Dahil sa laki ng produksyon ng China, sunud-sunod na naobligang magsara ang mga planta ng pagrerepina sa Australia at Singapore (Shell at Exxon).

## **DEREGULASYON SA INDUSTRIYA NG LANGIS**


Ang reaksyunaryong gubyrerno mula sa rehimen ng diktador na si Marcos Sr. hanggang sa kasalukuyang rehimen ni Marcos Jr. ay walang nagawa at ginagawa para buwagin ang kontrol ng mga kartel sa langis. Sa kabaliktaran ay sinusupportahan pa ng reaksyunaryong gubyrerno ang dayuhang monopolyong kontrol sa industriya ng langis. Habang sinasabi ng gubyrerno na ang deregulasyon ang siyang papawi umano sa dominasyon ng Shell, Chevron at Petron, taliwas ang aktwal na nangyayari.

Ang deregulasyon sa industriya ng langis ang isa sa pangunahing dahilan ng pagtaas ng presyo ng langis. Ang Republic Act 8479 o ang tinatawag na Downstream Oil Industry Deregulation Act of 1998 ay ang lubos na pagbitaw ng kontrol ng gubyrerno sa importasyon at pagpipresyo ng mga produktong petrolyo sa bansa. Bunga nito, ang mga pribadong kumpanya ng langis at mga kartel ay malayang magdikta ng laki ng importasyon, distribusyon at pagpipresyo sa lokal na pamilihan. Sa gayon, kapag nasa pamilihan na ang produkto karaniwang mas mataas ang presyo nito kaysa sa itinatakda ng pandaigdigang pamilihan. Karaniwang umaabot sa \$3 kada bariles ang ipinapatong na presyo sa mga iniimport na langis.

## MANIPULASYON SA PRESYO

Kasuklam-suklam ang pagkakamal ng supertubo ng mga kumpanya ng langis habang ang mamamayang Pilipino ay dumaranas ng labis na hirap sa gitna ng matinding krisis sa ekonomya.

Ang taas-baba ng presyo ng mga produktong petrolyo ay bunsod ng manipulasyon ng mga monopolyo kapitalistang kumpanya ng langis. Ginagawa ito upang makuha ng mga kumpanya ang supertubo sa pagbebenta ng kanilang kalakal. Mas madalas na tumataas ang presyo kaysa bumababa. Mula 2017, mas malimit nang 1.2 beses ang pagtataas ng presyo ng mga produktong langis kumpara sa pagbabawas.



Bukod sa mas madalas na pagtaas, mas matagal ding ipinapako ang presyo ng mga produktong petrolyo matapos itaas ang mga ito kaysa matapos ibaba. Mula Enero 6 hanggang Marso 11, 2021, 49 na araw na nanatili ang presyo matapos itaas samantalang 15 araw lamang na nanatili matapos ibaba. Ganito rin ang nangyayari sa nakalipas na mga taon kahit pa mahina ang bentahan noong 2020.

Hindi totoo ang sinasabi ng mga lokal na kumpanya sa langis na ang pagtaas at pagbaba ng presyo ng mga produktong petrolyo ay salamin lamang ng paggalaw ng presyo ng krudong langis sa pandaigdigang pamilihan. Makikita na mas marami ang bilang ng araw na tumaas ang presyo ng mga produktong petrolyo sa Pilipinas kaysa bilang ng araw na tumaas ang presyo ng krudong langis sa pandaigdigang pamilihan.

Lahat na lamang ay kanilang idinadahilan— aklasan sa Kazakhstan at ang *proxy war* ng US at Russia sa Ukraine— upang artipisyal na itaas ang presyo ng langis. Nagsasabwatan ang mga monopoly kapitalista sa langis sa pagtatakda ng mga presyo upang magkamal ng supertubo at inutil ang gubyrno na pigilan at panagutin sila. Walang kabusugan ang kasakiman ng mga monopoly kapitalista sa langis.

## **MABABANG ANTAS NG RENEWABLE ENERGY GENERATION NA DOMINADO NG MGA DAYUHAN AT MALALAKING BURGESYANG KUMPRADOR**

May minimal na *renewable energy sources* sa bansa na kinabibilangan ng *hydropower, geothermal at solar energy, wind power at biomass*. Ang

mga ito ang pinagmumulan ng malinis na enerhiya na hindi makasisira sa *ozone layer* ng daigdig. Noong 2013, ang mga ito ay nagbigay lamang ng 19,903 *gigawatt-hours* (GWh) ng elektrisidad o 26.44% ng pangangailangan ng kuryente sa bansa.


Ang *hydropower* ay isa sa pangunahing pinagkukunan ng *renewable energy* sa Pilipinas. Subalit, umaabot lamang sa 11.8% ng enerhiyang nakukuha dito at mababa ang kapasidad na lumikha ng enerhiya na umaabot lamang sa 17-18%.

Sa talaan ng DOE noong 2020 makikita ang limitado at may pagbaba na kontribusyon sa kalakhan ng *renewable energy* sa pangkabuuang suplay ng enerhiya sa bansa (*Tingnan ang graph sa susunod na pahina*).


Noong 2001 isinabatas ang Electric Industry Reform Act (EPIRA) para palawakin ang paggamit ng *renewable energy*. Gayunman, pangunahing nakinabang dito ay ang mga pribadong kumpanya sa enerhiya. Matapos ang isang dekada ng pag-iral ng batas ay higit na nangibabaw ang monopolyo rito ng mga dayuhang kapitalista't malalaking burgesya-kumprador at nagbunga ng higit na pagtaas ng presyo ng kuryente.

Isinabatas noong 2008 ang Renewable Energy Act para umano pabilisin ang pagpapaunlad ng *renewable energy sources*. Sa ilalim ng batas binigyan ng insentibo ang mga mamumuhunan sa enerhiya. Ang mga insentibo ay kinapalooban ng di pagbayad ng buwis sa loob ng pitong taon at iba pang libreng pagbubuwis tulad ng *value added tax* (VAT) at iba pang mga kaluwagan.

# TOTAL PRIMARY ENERGY MIX BY FUEL (2019-2020), % SHARES



**Total Energy: 56.4 MTOE**  
**Self Sufficiency: 52.6%**



**Total Energy: 59.9 MTOE**  
**Self Sufficiency: 51.6%**

MTOE - Millions Tonnes of Oil Equivalent

Dahil dito, maraming mga dayuhang kumpanya at mga entidad pampinansya ang naakit para pondohan ang proyekto sa enerhiya tulad ng German Technical Cooperation (GTZ), United States Agency for International Development (USAID), Asian Development Bank (ADB), United Nations Development Programme (UNDP), at Japan International Cooperation Agency (JICA).

Dominado ng mga pribadong kumpanya ang *renewable energy source* sa bansa. Hanggang noong 2015, ang Department of Energy (DOE) ay nagkaloob ng 646 *service contracts* bilang Public-Private Partnerships sa mga pribado at dayuhang kumpanya sa ilalim ng batas sa Renewable Energy na may kapasidad na 2,760.52 MW.

Ang mga nangungunang supplier ng Renewable Energy sa ilalim ng Green Energy Option ng gubyrno na naitala nitong Pebrero 2023 ay ang Bacman Geothermal Inc., First Gen Energy Solutions, SN Aboitiz Power-Magat Inc., SN Aboitiz Power-RES Inc., at AC Energy Philippines Inc.

Ang huli ay pag-aari ng Ayala Group. Sa kasagsagan ng pandemya noong 2020, tumaas ng 304% ang kita ng nasabing kumpanya kapalit ng puhunang P324.15 bilyon. Tumaas din ang kapasidad nitong magsuplay ng enerhiya noong unang hati ng 2021 sa 2,224 GWh.

Ang First Gen Energy Solutions na pag-aari ng pamilyang Lopez ang nakabili ng *government portfolio* ng *geothermal plants* noong 2007 kung saan ito ngayon ang isa pinakamalaking prodyuser ng *geothermal power*

sa buong mundo. Pag-aari din nito ang pinakamalaking *wind farm* sa bansa. Mayroon itong 30 *powerplants* at proyekto sa Luzon, Visayas at Mindanao na may kapasidad na 3,492.2 MW. Kontrolado nito ang 65% na *stocks* ng Energy Development Corporation (EDC) na pinakamalaking *geothermal company* sa buong mundo.



Ang Pilipinas Shell ay namumuhunan din sa *renewable energy*. Sa pamamagitan ng Shell Overseas Investments B.V. nagpirma ito ng *joint venture* sa Emerging Power, Inc para sa *solar energy* noong 2022. Layunin nitong magprodyus ng 1 GW pagdating ng 2028 gamit ang alternatibong pagkukunan ng enerhiya. Sa parehong taon, nakipagpartner din ito sa Alternergy Holding Corp. para tayuan ng *offshore wind project* ang Calavite Passage, isang *marine channel* sa MIMAROPA, para sa potensyal na 1 GW *capacity*.



Ang Bangui Wind Farm ng NorthWind Power



Calaca Power Station sa Calaca, Batangas



SaCaSol I solar power plant sa San Carlos City, Negros Occidental

# V. ANG SOLUSYON SA KRISIS SA LANGIS AT ENERHIYA



Dahil sa pagiging malakolonyal at malapyudal ng bansang Pilipinas, wala itong kakayahang paunlarin ang sariling produksyon at industriya ng langis. Mayroon tayong pagsisimulang likas na rekursong langis sa bansa. Katunayan, mayroong 11 bilyong bariles na deposito ng langis at 190 trilyong *cubic feet* ng *natural gas* na matatagpuan sa mga teritoryong saklaw ng Pilipinas sa West Philippine Sea, partikular sa Reed Bank at sa Mischeef Reefs na nasa Spratlys Island (Kalayaan Island Group). Ngunit sa matagal na panahon ay umasa ito sa dayuhang namumuhunan sa eksplorasyon ng langis at sa pag-aangkat ng produktong langis, sa halip na paunlarin ang sariling produksyon.

Malaki ang potensyal ng Pilipinas sa iba pang maaring pagkunan ng enerhiya. Ang pagpapaunlad ng *renewable energy* para mabawasan ang paggamit ng *fossil fuels* ay mahalagang usapin dahil sa katangiang heograpiya nito na bulnerable sa masamang epekto ng *climate change*. Ang pagtaas ng lebel ng tubig sa karagatan ay banta sa pulu-pulong katangian ng bansa kung saan maraming tirahan ang malapit sa tabing-dagat ang maaring mapinsala. Bulnerable rin ang bansa sa sakuna dulot ng bagyo, pagbaha at tagtuyot na sa ngayon ay nararanasan na dahil sa pagkalbo sa kagubatan at pagwasak sa kapaligiran at ng kabuuang pagbabago ng klima sa daigdig.



# ANG MGA OIL FIELD AT GAS FIELD SA SOUTH CHINA SEA AT WEST PHILIPPINE SEA



Dapat magkaisa at kumilos ang sambayanang Pilipino para ibagsak ang sistemang malakolonyal at malapyudal na pinaghaharian ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo na siyang dahilan ng pagiging atrasado at malaon nang paghihirap ng bansa. Sa tagumpay ng pambansa-demokratikong rebolusyon, isasabansa ang mga stratehikong industriya at kabilang ang industriya ng enerhiya at langis. Kung kinakailangan mag-angkat ay dapat sapat sa pangangailangan ng bansa, dapat sa makatarungang presyo at makikipagkalakalan sa lahat ng mga bansa ayon sa mutwal na kapakinabangan. Ipoprograma ng demokratikong gubyernong bayan (DGB) ang pagsasabansa, pagsasaliksik at pagpapaunlad ng iba pang maaaring pagkunan ng enerhiya laluna ang *renewable energy* na mas ligtas at sustenable. Mahalaga ito para maibsan ang tuluy-tuloy na pagbabago ng klima (*climate change*) ng mundo. Sa ganap na tagumpay ng demokratikong rebolusyon bayan kagyat na isusulong ang sosyalistang rebolusyon at konstruksyon na higit pang magpapaunlad ng sustenableng ekonomyang masagana at nakatatayo-sasarili para sa kapakinabangan ng mayorya ng mamamayang Pilipino.


Sa kagyat, dapat ipanawagan na ibasura ang Oil Deregulation Law na matagal nang nagpapahirap sa mamamayan at laluna sa sektor ng transportasyon. Dapat batikusin at labanan ang manipulasyon ng mga kumpanya sa presyo ng langis. Dumadagdag ito sa lubha nang mabigat na pasanin ng sambayanang Pilipino, laluna ng mga manggagawa, magsasaka at malaproletaryado.

Marapat lamang na igiit ng mamamayang Pilipino na *i-rollback* o ibaba ang presyo ng mga produktong langis para maibsan nang kahit kaunti ang kanilang pasanin. Makatwiran na igiit nilang kontrolin ang presyo ng mga produktong petrolyo at magkaroon ng moratoryum sa pagtataas ng presyo nito. Dapat din nilang itulak ang pagbasura sa 10% *excise tax* na ipinataw ni Duterte sa panahon ng pandemya, dagdag pa sa nauna nang ipinataw sa pamamagitan ng TRAIN Law na parehong ipinapasa ng mga kumpanya ng langis sa mga mamimili.

Lalupang pinatutunayan ng garapal na katakawan ng mga kapitalista sa langis at ng reaksyunaryong rehimen ang pangangailangan para humugos ang bayan sa lansangan. Sa kasaysayan, epektibong hinarap ng militanteng paglaban ng sambayanang Pilipino ang pagtaas ng presyo ng langis sa pamamagitan ng mga tigil pasada, rali ng mga estudyante, protesta sa mga komunidad at demonstrasyon sa lansangan.

Dapat ding mariing tutulan ang pag-angkin ng China sa mga teritoryong sakop ng Pilipinas sa West Philippine Sea kung saan may mayamang rekurso ng langis at gas. Dapat tutulan ang plano ng ilehitimong pangulong si Marcos Jr. na panumbalikin ang *joint oil exploration agreement* sa pagitan ng Pilipinas at China na sasaklaw sa 142, 886 kilometro kwadrado ng





karagatang bahagi ng teritoryo ng Pilipinas dahil tiyak na madedehado ang bansa sa pakinabang mula sa makukuhang langis.

Dapat ipanawagan na panagutin ang mga pandaigdigang monopolyo kapitalista sa malawakang pagkawasak ng kalikasan at pagbabago ng klima na nagdudulot ng mga sakuna sanhi ng malalakas na bagyo, baha at tagtuyot na mas madalas pinadurusan ng mga bayang mahihirap at atrasado.

Dapat igiit ng malawak na masa ng sambayanang Pilipino ang kanilang mga karapatang panlipunan at pang-ekonomya laluna sa gitna ng malawakang kawalang trabaho, taas presyo ng mga bilihan at serbisyo, lumulobong utang ng gubyrno, burukratikong korapsyon, pabigat na mga buwis, pagtatambak ng sarplas na produktong dayuhan, pagkawasak ng buhay at kabuhayan dahil sa mga sakunang pinalala ng pagwasak sa

kapaligiran ng imperyalismo at ng mga malalaking burgesya kumprador at panginoong maylupa.

Dapat labanan nila ngayon at biguin ang pinakakawalang terorismo ng reaksyunaryong estado para patahimikin at lumpuhin sila gamit ang teror, pamamaslang, paninindak, panlilinlang at iba pang hindi malunok na pandarahas at pamimilit. Dapat ibuhos ng malawak na masa ang lahat ng pagsisikap para maglunsad ng mga welga, demonstrasyon at iba pang porma ng aksyong masa upang paalingawngawin ang kanilang mga sigaw at wakasan ang kanilang mga paghihirap.



# SANGGUNIAN



Wikipedia, Investopedia, Reuters

Ibon Facts and Figures: The Philippine Oil Industry

Philippine Energy Plan [2022-2040] by the Department of Energy (DOE)

Mga isyu ng Ang Bayan Marso 21, 2021, Hulyo 21, 2021, Marso 7, 2023

Mga pahayag ni Marco Valbuena ng Public Information Office (PIO) ng PKP